

## 1 Kung ikaw ay mabubuntis

### (1) Abiso ng Pagbubuntis

**[Sumangguni sa] Health Care Management Division, ☎ 03-5744-1661**

Pag nasiguro mo na ang iyong pagbubuntis, maaari po lamang na ipaalam sa isa sa mga tanggapan sa munisipyo na nakalista sa ibaba, at ikaw ay bibigyan ng Handbook para sa Pangkalusugan ng Ina at Anak (Boshitecho) at Bag para sa Kalusugan ng Ina at Anak (Haha to Ko no Hoken Bag).

**[Saan ipaparehistro ang iyong pagbubuntis]**

**Area Health Divisions** (P.16)

**Health Care Management Division ☎ 03-5744-1661**

**Branch Offices** (P.17)

1F Main Building, Ota City Office “Reception (gabi/Linggo) counter ng Handbook para sa Kalusugan ng Ina at Anak” (P.15)



### (2) Pakikipanayam sa Pagbubuntis

**[Sumangguni sa]Area Health Divisions** (P.16)

Sa lahat ng nag sumite ng abiso sa pagbubuntis, pakikipanayam sa mga midwife o pangkalusugang propesyonal ay ginagawa upang makatulong sa kapayapaan ng pag-iisip sa pagbawas ng mga pag-alala na dumarating kapag nagbubuntis. Ang mga natapos makipaganayam ay mabibigyan ng “Child-rearing Support Voucher”.

### (3) Pangkalusugan at Dental na mga pagsusuri para sa Magiging Ina Pagsusuri sa pandinig ng bagong ipinanganak na sanggol

**[Sumangguni sa]Health Care Management Division ☎ 03-5744-1661**

Dumaan sa mga health check-up at dental check-up para sa maayos na pagbubuntis at madaling panganganak.

- ① Pangkalusugang pagsusuri para sa mga buntis: Sa mga regular na check-up, nagbibigay ng subsidies hanggang 14 na check-up, 4 na ultrasound, at bahagi ng cervical cancer screening.
- ② Dental check-up sa panahon ng pagbubuntis: Madaling makakuha ng cavities o mga sakit sa periodontal ang mga nagbubuntis. Makakuha ng isang libreng check-up sa panahon ng pagbubuntis.
- ③ Pagsusuri sa pandinig ng bagong ipinanganak na sanggol: Kapag ipinanganak mo ang sanggol, bibigyan ka ng tulong para sa ilang bahagi ng gastusin sa pagsusuri sa pandinig.

※ Ang check-up card para sa ① ~ ③ ay matatagpuan sa loob ng Mother and Child Health Package

### 《Mahalagang Paalala》

Kung ikaw ay magdesisyon na manganak sa bansang Japan, kami ay nagmumungkahi na agad gumawa ng appointment sa pagamutang pasilidad kung saan mo nais manganak.

#### (4) Tulong na programa para sa gastos ng medikal na pangangalaga

**[Sumangguni sa] Area Health Divisions** (P.16)

Ang tulong pananalapi ay maaari para sa mga manganganak na mayroong altapresyon, diyabetes, maselang pagbubuntis, sakit sa puso o anemya, at para sa kailangang magpagamot sa pagamutan. Ang tulong na ito ay naka base sa subsidy standard at kasama na dito ang paglagi sa ospital at paggamot na natamo sa ilalim ng Health Insurance Program.

#### (5) Inpatient Maternity Facility

**[Sumangguni sa] Social Welfare Divisions** (P.16)

Para sa mga buntis na may kahirapang magbayad ng gastusin para sa pananatili at panganganak sa ospital, magpapakilala ng mga itinalagang maternity facility (may limitasyon sa halaga ng kinikita). Para sa karagdagang impormasyon sa pagiging karapat-dapat at iba pang may kaugnayan na mga bagay, mangyari lamang na alamin ito.

## 2 Pagkapananak

### (1) Iba' t ibang paalala at proseso pagkatapos manganak

#### ① Rehistro ng panganganak

Kapag naisilang na ang bata, kumuha ng sertipikasyon ng panganganak galing sa iyong doktor at magsumiti ng rehistro ng panganganak sa loob ng 14 na araw pagkaraan ng iyong panganganak.

[Pagsumiti ng Notipikasyon]

Household Residents Registry Division (1F pangunahing gusali ng Ota City Office Main Building) Branch Offices (P.17)

#### ② Aplikasyon para sa pasaporte

Makipag -ugnay sa inyong Embassy para sa mga detalye.

#### ③ (1) Kapag hindi Special Permanent Resident ang mga magulang

Pag-aaplay para sa pahintulot ng status of residence at panahon ng residence Mag-aplay sa Tokyo Regional Immigration Bureau sa loob ng 30 araw mula sa araw ng kapanganakan.

#### (2) Kapag Special Permanent Resident ang isa o dalawa sa mga magulang

Aplikasyon Para sa Special Permanent Resident

**[Sumangguni sa] Household Residents Registry Division ☎ 03-5744-1187**

Kapag ang dalawang magulang o isa sa mga magulang ay isa sa mga espesyal na

permanenteng residente, ang aplikasyon para sa espesyal na permanenteng residente ay maaaring maipasa sa loob ng 60 araw pagkaraan ng iyong panganganak kasama ng Household Residents Registry Division (1F ng pangunahing gusali ng City Office).

**Kakailanganing mga dokumento**

Sertipiko ng impormasyon sa notisya ng panganganak, kopya ng sertipiko ng residente o sertipiko ng espesyal na permanenteng residente ng mga magulang, kopya ng sertipiko ng residente ng bata at ang pasaporte nito (hindi kailangan kung wala)

**(2) Birth Reporting Form/Home Visit Request Form**

**[Sumanguni sa] Area Health Divisions (P.16)**

※ Maaring kontakin ang Area Health Division para ipalam ang iyong tirahan.

Maaari lang na i-sumite ang abiso ng panganganak na kalakip sa package ng Kalusugan ng Ina at anak na binigay ng mag-sumite ng abiso ng panganganak sa Area Health Division sa lalong madaling panahon.



**(3) Mga programa na may kaugnayan sa mga benepisyo para sa bata**

Programa sa benepisyo	Mga maaaring sumali	Sumangguni
Tulong pang pinansiyal para sa mga bata	Mga bata bago magtapos ng junior high school ※kapag nag-apply sa loob ng 15 araw kasunod ng paglipat (araw ng pagkapanganak o paglipat ng tirahan)ang pinansyal na suporta ay ibibigay, simula sa kasunod na buwan *Ang sistema ng child allowance ay nakatakdang baguhin mula Oktubre 2024.	Medical Care for Children Section, Childcare Support Division ☎03-5744-1275
Mga gastos pang medikal sa mga bata	Mga bata hanggang 18 taong gulang (hanggang sa unang Marso 31 matapos maging 18 taong gulang)	

Programa sa benepisyo	Mga maaaring sumali	Sumangguni
Medical Expenses Subsidy System for Single-parent Families	Pamilyang nag-aalaga ng batang 18 taong gulang (20 taong gulang kung may kapansanan) pababa na walang nanay o kaya ay walang tatay	Child-rearing Section, Childcare Support Division ☎03-5744-1274
Tulong pang pinansiyal sa bata	Mga batang hanggang 18 yrs. old (Mga batang may kapansanan na hanggang 20 yrs. old ) na wala ng ina o ama	
Tulong pinansiyal para sa pangangalaga sa bata	Mga batang hanggang 18 yrs. old kung saan ang ama o ina ay namatay o nag diborsyo.	
Suporta sa mga may kapansanan na mga bata	Mga batang may kapansanan na wala pang 20 yrs. old	

**(4) Health Checkups para sa mga sanggol at mga bata**  
**[Sumangguni sa] Infectious Disease Countermeasures Division,**  
**bawat Area Health Division (P.16)**

Ang Ota City ay nagsasagawa ng health check-up para sa mga bata tulad ng sumusunod:

Uri ng Health Check-up	Lugar	Sino ang nararapat, paraan ng pagtanggap ng check-up
Check-up para sa 4 na buwan na sanggol	Area Health Divisions	Padadalhan ng paalala ang nararapat na pamilya. Ang iskedyul atbp. ay makikita sa buwanang ulat mula sa Ota City.
Check-up para sa 6-7 buwan na sanggol	Tinalagang medikal na pasilidad sa Tokyo Metropolitan area	Ipinamamahagi ang card sa check-up ng 4 na buwan na sanggol.
Check-up para sa 9-10 na buwan na sanggol		
Check-up para sa 18 na buwan na sanggol	Area Health Divisions	Padadalhan ng paalala ang nararapat na pamilya. Ang iskedyul ay makikita sa buwanang ulat mula sa Ota City.
Check-up para sa 3 taong gulang na bata		Batang ang edad ay hanggang 3 yrs. old at preschool na mga batang may kapansanan. Reserbasyon ay kinakailangan.
Dental na konsultasyon para sa sanggol		
Dental health check-up at fluoride treatment para sa mga sanggol	Mga tinalagang dental facilities	Isang check-up para sa batang 2 yrs. old o wala pang 3 yrs. old. Tatlong check-up para sa 3 yrs. old hanggang sa magsimulang mag aral na bata. Ipapadala kasama ang abiso para sa mga 18 na buwan na sanggol at 3 taong gulang na bata.

## (5) Regular na Bakuna

[Sumangguni sa] **Infectious Disease Countermeasures Division,**  
**bawat Area Health Division (P.16)**

Mga nararapat	Programang sa bakuna	Lugar	Mga paalala sa bakuna na nakalista sa papel
Mga batang sanggol	Infantile pneumococcus	Medikal na pasilidad na nagsasagawa ng bakuna sa Ota City.	Ipadalala ng Infectious Disease Countermeasures Division bago maging 2 buwan mula sa kapanganakan
	Hepatitis B		
	DPT-IPV-Hib (Pinaghalong limang uri ng bakuna para sa Diptheria, Pertussis, Tetanus, Inactivated Polio Virus at Hib)		
	BCG		
	MR (Measles at Rubella double)※		
	Bulutong-tubig (chicken pox)		
	Japanese encephalitis I		
Mga batang nasa Elementarya	Japanese encephalitis II		Ipadalala sa bawat indibidwal kapag nasa Grade 3 ng elementary school
	DT (Diphtheria at Tetanus double)		Ipadalala sa bawat indibidwal kapag nasa Grade 5 ng elementary school
Junior high school student	Human papilloma virus (cervical cancer vaccine)		Ipadalala sa bawat indibidwal kapag nasa Grade 6 ng elementary school

Pakisuyong magtanong tungkol sa mga proseso kapag lumipat sa loob ng Ota City, o kung kayo ay kuwalipikado sa espesyal na kaayusan para sa Japanese encephalitis.

※ Ipadalala ang para sa MR 2nd term kapag nasa edad na para dito. Ilalaking din ang sheet ng mga tanong para sa pagbabakuna ng MR 2nd term para sa mga ipinanganak bago ng Pebrero 28, 2018.

## 3 Pangangalaga sa bata

### (1) Nursery schools

#### ① Nursery schools

Pasilidad ito kung saan inaalagaan ang mga bata na kapalit ng mga magulang na hindi puwedeng mag-alaga sa kanila kapag araw dahil ang mga magulang ay parehong nagtatrabaho, may sakit, dahil sa panganganak, at iba pa. Sa loob ng Ota City, may 192 (Ota City: 37, Private: 155 sa Marso 1, 2024) na nursery school bilang kabuuan.

Ang bayad sa Nursery school ay depende sa kinita ng magulang ng nakaraang taon.

Para sa Katanungan	Sumangguni sa
Pagsali at aplikasyon	Nursery Services Division ☎03-5744-1280
Pamamahala sa Nursery school	Nursery Services Division ☎03-5744-1279
Bayad sa Nursery school	Nursery Services Division ☎03-5744-1280

### ② Pansamantalang pangangalaga ng bata (may kaukulang bayad)

Ang sistema ng pangangalaga ng bata ay may limitasyong panahon sa kahit na anong katuwiran. Para sa mga batang may edad na limang buwan hanggang sila ay magsimulang pumasok ng paaralan.

### ③ Regular na pangangalaga ng bata (may kaukulang bayad)

Regular na patuloy na pangangalaga sa mga batang nangangailangan nito kapag ang gabay sa pangangalaga ay may pansamantalang trabaho o nag-aalaga ng matatandang magulang. Para sa mga batang may edad 1 o 2 (minsang mga batang may edad na hindi pa umaabot ng isang taon).

### ④ Emergency Temporary Childcare (may kaukulang bayad)

**[Sumangguni sa] Nursery Services Division ☎03-5744-1617**

Para sa mga batang hindi makakatanggap ng pangangalaga galing sa kanilang gabay sa pangangalaga sa kadahilang ito ay may sakit, nanganak, ang mga bata ay maaring alagaan kung kinakailangan.

### ⑤ Pangangalaga ng batang maysakit o pagkatapos nitong magkasakit (bayad na)

**[Sumangguni sa] Nursery Services Division ☎03-5744-1277**

Kapag hindi nakapasok sa isang pasilidad ng pangangalaga ang bata dahil sa sakit at trabaho ng gabay sa pangangalaga, ang mga batang ito ay maaring alagaan ng isang pasilidad. May mga kondisyon sa pag gamit nito. May mga batang hindi kwalipikado depende sa sakit.

### ⑥ Pangangalaga sa bata kapag may pista opisyal

Kapag ang bata ay hindi maalagaan ng gabay sa pangangalaga sa loob ng bahay sa panahon ng pista opisyal, sila ay maaring alagaan. Ito ay para sa mga batang 1 taong gulang pataas na hindi na kumakain ng pagkaing pangsanggol (weaning food) at pumapasok sa authorized nursery, maliliit na nursery o nursery sa loob ng opisina (area category) sa loob ng Ota City.


### ⑦ Family day care provider (childcare professional) (may bayad)

**[Sumangguni sa] Nursery Services Division ☎03-5744-1643**

Ito ay isang sistema para sa mga bata (43 araw pataas mula nang isilang at hindi aabot ng 2 taong gulang) na may kahirapang maalagaan sa araw dahil sa pagtatrabaho, paghahanap ng trabaho o paganganak. Sila ay aalagaan ng childcare professional sa bahay o kaya ay sa nursery room para sa grupo. Kailangang magdala ng pagkain.

## (2) Kindergartens

Tingnan ang pahina tungkol sa edukasyon. (P.90)



## (3) Mga Children's Center

[Sumangguni sa] **Childcare Support Division**

Lugar ito kung saan ang mga magulang at sanggol o anak nila, ang mga estudyante ng elementary school at junior high school na maglarong magkasama at gumawa ng bagong kaibigan. Sarado ito sa Linggo, pista opisyal (maliban sa Mayo 5 Children's Day), at Disyembre 29 hanggang Enero 3.

## (4) After-School Care Program

[Sumangguni sa] **Educational Affairs Division** ☎ 03-5744-1273

Ang mga batang hindi mabantayan sa bahay pagkatapos ng klase dahil ang kanilang magulang ay nagtatrabaho o sa iba pang dahilan, ay may karapatang makatanggap ng pangangalaga sa pasilidad ng After-School Care na matatagpuan sa mga Children's Center, After School Club para sa mga bata, o Hokago Hiroba. Ito ay may bayad na programa. Para sa mga detalye kontakin ang mga Division na nabanggit sa itaas.

## (5) Child and Family Support Center

Ang center ay nagbibigay ng konsultasyon at iba pang serbisyo para sa pangangalaga sa bata.

### ① **Konsultasyon para sa mga bata at pamilya**

Makakakonsulta (sa telepono o sa pagdalaw) kayo rito kahit ano tungkol sa mga problemang hinaharap ng mga batang nasa edad na 0 hanggang sa wala pang 18 yrs. old at ng mga kapamilya nila. Halimbawa, tungkol sa pagpapalaki sa anak, school, kaibigan, at kaugalian sa pamumuhay. Puwede rin kumonsulta rito ang mga bata. (Makakakonsulta sa paraang hindi ipakilala ang pangalan.) Patiunang kumontak dito bago dumalaw para sa pagkokonsulta.

### ② **Kosodate Hiroba**

Pagpayo para sa mga magulang ng mga batang may edad 0 hanggang 3 na nakatira sa Ota City tungkol sa mga pangamba o takot na may relasyon ng pangangalaga/pagtuturo.

### ③ **Family Support Ota (may kaukulang bayad)**

Ito ang support network para sa pagpapalaki sa anak na dito nagpaparehistro bilang

miyembro ang mga nangangailangan ng suporta sa pagpapalaki (miyembro na gumagamit ng suporta) at ang mga gustong tumulong sa pagpapalaki (miyembro na nagbibigay ng suporta), at ang mga miyembro ay nagtutulungan sa isa't isa.

#### ④ Pansamanatalang pangangalaga ng bata (bayad na)

Pansamantala at regular na pangangalaga ng bata ay available.

Pangalan at lokasyon ng mga pasilidad	Mga Serbisyo			
	①Malawakang konsultasyon para sa pamilya at mga bata	②Child-Rearing Information Plaza	③Family Support Ota	④Silid para sa pansamantalang pangangalaga sa bata
Kids-na Omori: Omori-Kita 4-16-5	Lunes hanggang Biyernes 9:00a.m.-6:00p.m. Sabado 9:30a.m.-6:00p.m. ☎03-5753-7830	Lunes hanggang Biyernes 10:00a.m.-5:00p.m. ☎03-5753-7830	Lunes hanggang Sabado 9:00a.m.-6:00p.m. ☎03-5753-1152 (Executive office)	Pansamanatalang pangangalaga ng bata Lunes hanggang Sabado 9:00a.m.-6:00p.m. Regular na pangangalaga sa bata Lunes hanggang Sabado 8:30a.m.-6:00p.m. ☎03-5753-0805
Kids-na Senzokuike: Kamiikedai 2-35-18	Lunes hanggang Sabado 10:00a.m.-6:00p.m. ☎03-5754-7830	Lunes hanggang Biyernes 10:00a.m.-5:00p.m. ☎03-5754-7830	—	—
Kids-na Kamata:Shakai Fukushi Center 2nd Floor, 7-49-2 Nishi-Kamata	Lunes hanggang Sabado 10:00a.m.-6:00p.m. ☎03-5714-1152	Lunes hanggang Biyernes 10:00a.m.-5:00p.m. ☎03-5714-1152	—	—
Kids-na Rokugo:3rd Floor, Rokugo Community Activities Promotion Center: Naka-Rokugo 2-44-11	Lunes hanggang Sabado 10:00a.m.-6:00p.m. ☎03-6715-7830	Lunes hanggang Sabado 10:00a.m.-5:00p.m. hanggang 2:00p.m. sa 3rd na Sabado  Hindi available sa ibang sabado ☎03-6715-7830	—	Pansamantalang pangangalaga ng bata Lunes hanggang Sabado 9:00a.m.-6:00p.m. Regular na pangangalaga ng bata  Lunes hanggang Sabado 8:30a.m.-6:00p.m. ☎03-3733-1152

※ "Kids-na" ay palayaw para sa Child and Family Support



## (1) Mga tulong sa gastos pang medikal para sa mga bata na may sakit.

[Sumangguni sa] Area Health Divisions (P.16)

Uri ng programa para sa tulong sa pananalapi	Mga nararapat: (mga bata na may edad 18 yrs. old pababa)
Chronic infantile diseases	Congenital disorder, cardiac disease, pediatric cancer, kidney failure, diabetes, nephrosis at iba pa.
Medical Care Benefit for infantile hospitalization	Mga batang nagkakaroon ng tuberculosis sa kanilang bonejoint o ibang lugar, at napatunayang kailangang ipasok sa ospital.
Medical Care (child-rearing medical care para sa self-support)	Mga batang may problema sa buto, paningin, pandinig, equilibrium, boses, pananalita o hirap sa pagkain o mga batang may sakit sa puso, kidney, maliit na bituka, atay, immunity malfunctions o iba pang mga problema sa laman loob at may pag-asang bumuti kapag na-operahan sa isang nakatakdang institusyon ng medikal para maka suporta sa sarili.
Infantile Mental Disorder	Mga batang napasok sa ospital sa psychiatric wards para sa paggamot ng sakit na mental

## (2) Mga tulong sa gastos pang-medikal para sa mga bata

[Sumangguni sa] Childcare Support Division ☎ 03-5744-1275

Medical Care Certificates ay binibigay sa gabay ng tagapangalaga (guardian). Sa pamamagitan ng pagpasa ng sertipiko na ito sa mga medikal na institusyon sa Tokyo Metropolitan Area, ang mga ginastos sa pangangalagang medical ay ibinibalik kapag ang bata ay kabilang sa programa para sa insyurans na ito.

Uri ng programa	乳 Medikal na pangangalaga sa sanggol/bata	子 Sertipiko ng medikal na pangangalaga sa bata	青 Blue medical card
Pagiging karapat-dapat	Mga sanggol at bata na hindi pa pumapasok ng elementarya (6 na taong gulang hanggang Marso 31 pagkatapos ng kanyang ika-6 na kaarawan).	Mga batang 6 na taong gulang sa Abril 1 hanggang sa makompleto ang junior high school o mga batang 15 na taong gulang hanggang Marso 31 pagkatapos ng kanyang ika-15 na kaarawan).	Mga bata na ang edad ay nasa pagitan mula sa unang Abril 1 matapos maging 15 taong gulang hanggang sa unang Marso 31 matapos maging 18 taong gulang
Petsa ng pagbibigay ng kwalipikasyon para sa sertipiko ng medikal na pangangalaga	Kapag nag-apply sa loob ng 6 na buwan pagkapanganak o paglipat sa Ota, ang gastos pang-medikal mula sa araw ng panganganak o sa araw ng paglipat sa Ota ay ibinabalik. Kapag nag-apply paglipas ng 6 na buwan pagkapanganak o matapos lumipat sa Ota, ang gastos pang-medikal mula sa unang araw ng buwan ng aplikasyon ay ibinabalik		

Sakop ng tulong sa pananalapi	Halagang sariling binayaran sa mga medikal na gastusin na sakop ng health insurance at karaniwang halaga ng bayarin para sa pagkain at pagpapagaling habang nakaadmit sa ospital
-------------------------------	--

### (3) Mga programang benipisyo na may kinalaman sa mga bata.

Mag sumiti ng aplikasyon upang makatanggap ng sumusunod na mga benipisyo: Ang mga pangunahing babayaran ay nagsisimula mula sa sumunod na buwan ng pagsumite ng aplikasyon. Maari po lamang na alamin ang impormasyon kung karapat dapat sa programa at halaga ng tulong.

Uri		Mga Nararapat	Mga katanungan
Allowance para sa mga bata		Mga batang malapit nang magtapos ng junior high school (hanggang sa unang Marso 31 matapos maging 15 taong gulang)	Medical Care for Children Section, Childcare Support Division ☎03-5744-1275
Allowancesa pagpapalaki ng bata	Allowance sa pagpapalaki ng bata	Mga batang hanggang Marso 31 pagkatapos nilang maging 18 taong gulang. Pamilyang may nag-iisang magulang (kasama na dito ang pamilya na ang isa sa magulang ay may malubhang kapansanan)	Child-rearing Section, Childcare Support Division ☎03-5744-1274
	Allowance para sa mga batang may kapansanan	Pamilyang may anak na mababa sa 20 taong gulang na may kapansanan	
Allowance para suportang bata		Mga batang hanggang Marso 31 pagkatapos nilang maging 18 taong gulang (kasama ang mga batang may medium o malubhang kapansanan na mababa sa 20 taong gulang) walang ama o ina(o mga magulang na may malubhang kapansanan)	
Special Child Support Allowance		Pamilyang may anak na mababa sa 20 taong gulang na may kapansanan sa pag-iisip/pisikal	
Kaginhawahang suportang bata para sa mga batang may kapansanan		Para sa mga wala pang 20 yrs. old na may malubhang kapansanan at nangangailangan ng regular na pangangalaga sa bahay sa pang-araw-araw na pamumuhay.	Disabled Residents Welfare Division ☎03-5744-1251 Area Welfare and Services Divisions (P.16)

※ Mag-apply para sa child allowance hanggang sa loob ng 15 araw pagkatapos ng kapanganakan o di kaya ang inaasahang araw ng paglipat mula sa dating tirahan, at ang child allowance ay mababayaran mula sa susunod na buwan.

※ Ang sistema ng child allowance ay nakatakdang baguhin mula Oktubre 2024. Ipapaalam namin ang mga detalye sa aming website sa sandaling napagpasyahan ang mga ito.

#### **(4) Paggamot para alagaan ang sanggol na kulang sa buwan**

**[Sumangguni sa] Area Health Divisions (P.16)**

Kung ang sanggol ay ipinanganak nang mau underdevelop na katawan at natugunan ang mga kondisyon, maaaring ma-exempt sa pagbabayad ng buo o bahaging halaga ng medikal na gastusin.

## **5**

### **Edukasyon**

#### **(1) Sistema ng Edukasyon ng Japan**

Ang edukasyon ng paaralan ng Japan ,na tinatawag na 6-3-3-4 na istraktura ay binubuo ng 6-taon na elementary, 3-taon na junior high school, 3-taon high school at 4-taon sa kolehiyo. Ang school year ng Japan ay nagsisimula ng Abril at matatapos ng Marso ng kasunod na taon.

#### **(2) Kindergarten**

**[Sumangguni sa] Private School Management Section, Educational Affairs Division ☎ 03-5744-1619**

Ang kindergarten ay edukasyonal na institusyon para sa preschool na mga batang 3-5 taong gulang.

##### **① Benepisyo at tulong na salapi para sa mga guardian ng mga bata na nag-aaral sa private kindergarten**

Ibibigay ang tulong na salapi, at iba pa sa mga guardian ng mga bata na nag-aaral sa private kindergarten (nagparehistro ng residence sa Ota City). Ipapaalam sa inyo ang proseso nito, at iba pa sa pamamagitan ng kindergarten.

##### **[Ang mga nakalaang subsidy program ay ang sumusunod:]**

- Subsidy para mapunan ang admission fee (Ito ay one-time subsidy lamang para sa bawat -isang bata na pumapasok ng pribadong kindergarten.)
- Suporta sa paggamit ng mga pasilidad, at iba pa para sa pagpapalaki ng anak (sistemang pagpapalibre sa pagtuturo sa mga bata)
- Tulong na salapi para mabawasan ang gastusin ng guardian (tulong na salapi na ibibigay bukod pa sa suporta sa paggamit ng mga pasilidad, at iba pa para sa pagpapalaki ng anak)

#### **(3) Elementary at Junior high school**

**[Sumangguni sa] School Entrance and Guidance Section, School Affairs Division ☎ 03-5744-1429**

Mayroong 59 municipal elementary schools at 28 municipal junior high schools dito sa Ota City. Ang edukasyon sa eskwelahan ay hindi kompulsaryo para sa mga dayuhan. Subalit, ang elementary ng munisipyo at junior high schools ay tumatanggap ng dayuhang bata na may resident registration sa Ota City.

### ① Pag i-enroll o paglipat sa lokal na elementarya o junior high school

#### Mga papeles na kailangan

Residence Card ng inyong anak o Special Permanent Resident Certificate, at passport

Pakisuyong gumawa ng mga proseso na dala mga papeles na kailangan sa School Entrance and Guidance Section, School Affairs Division (5F Nissei Aroma Square). Itatakda ng Board of Education ang school na papasukan batay sa pag-aaplay.

※ Pakisuyong magtanong sa mismong school para sa pagpasok sa national school, private school, municipal school ng Tokyo, at iba pa.

### ② Bayarin sa eskwelahan

Ang mga elementarya sa munisipyo o junior high schools sa Ota City ay hindi kailangang magbayad ng admission, tuition at textbook fees. Ang papasaning gastusin ng mga magulang ay ang bayad sa mga kagamitan sa pag-aaral at supplementary teaching material, excursion, educational field trip atbp.

### ③ Sistema ng suporta sa pagpasok sa paaralan

Para sa mga magulang na nakatira sa loob ng Ota City at may kahirapang magbayad ng bayarin para sa tanghalian sa paaralan, mga kagamitan sa pag-aaral atbp., para sa anak na pumapasok sa elementarya o junior high school, nagbibigay ng parsyal na suporta ang lungsod. (Limitado depende sa kita)

### ④ Ota Japanese class para sa mga bata

Ginaganap ang Japanese class para sa mga batang hindi pa nakakapasok sa school dahil hindi sila marunong magsalita ng Japanese kahit na nasa edad na para sa pag-aaral, o sa mga batang papasok sa elementary school, 6 buwan bago magsimula ang school, na nakatira sa Ota City.

May mga klase sa Omori at Kamata. Para sa mga detalye, mangyaring tingnan sa website o makipag-ugnay sa amin.



### ⑤ Oryentasyon bago pumasok sa elementarya

Nagdaraos ng oryentasyon bago pumasok sa elementarya para sa mga magulang ng mga batang may foreign connections upang ipaliwanag ang tungkol sa buhay sa paaralan sa Japan, mga paghahanda bago pumasok sa paaralan, atbp., at mapabuti ang kaalaman sa mga elementarya sa Japan at mabawasan ang kanilang mga pag-aalala. Para sa mga detalye, mangyaring tingnan sa website o makipag-ugnay sa amin.



### ⑥ Japanese class "Basahin natin ang mga handout ng paaralan"

Isang lecture para sa mga magulang ng mga batang may foreign connections para matutunan ang tips kung paano basahin ang mga handout na ipinamamahagi ng paaralan at maunawaan ang mga kahulugan ng mga salita na partikular sa mga paaralan.

### ⑦ Children's learning support class

Gagawin ang takdang-aralin, mag-aaral ng wikang Hapon, atbp. kasama ang mga boluntaryo. Maaring lumahok ang mga batang kasalukuyang nag-aaral ng wikang Hapon.

### ⑧ Summer vacation learning class

Klase na tumutulong sa mga batang nag-aaral ng Japanese sa paggawa ng mga takdang-aralin sa summer vacation.

Para sa ⑥ - ⑧, naiiba ang application period depende sa panahon ng pagdaraos. Para sa mga detalye, mangyaring tingnan sa website o makipag-ugnay sa amin.



Sa Japan, kapag naging elementary school student, kadalasang pumapasok sa elementary school na ang mga bata lang, at hindi kasama ng iba. Dahil dito, kailangang patiunang malaman ng mga bata kung saan dapat silang tumakas sa panahon ng emerhensiya.

Ipaliwanag sa inyong mga anak ang mga kapitbahay na tindahan, bahay, Convenience store, at iba pa na nilalagyan ng sticker na “Kodomo SOS no Ie (Bahay para sa SOS ng mga bata)”.



Kodomo SOS Home Sticker

### (4) High school at Unibersidad

Sa Japan, karamihan sa estudyante ay pumapasok sa high school ( 3 yrs sa regular high school at 4 yrs sa part-time high school) pagkatapos nilang maka-graduate sa kompulsaryong edukasyon (elementary at junior high school). Marami din ang nagpapatuloy pumasok sa unibersidad o teknikal na kolehiyo pagkatapos ng edukasyon sa high school.

### (5) Sistema ng scholarship ng Ota City

[Sumangguni sa] **Public Assistance Section, Welfare Management Division**  
☎ 03-5744-1245

Ipapahiram ang salapi para sa pag-aaral sa mga taong papasok o nag-aaral sa postsecondary course ng specialized training college o sa university at iba pa, pero nahihirapan pumasok o magpatuloy ng pag-aaral dahil sa pinansyal na kalagayan, pagkatapos ng pagsusuri sa kuwalipikasyon.

At, ibibigay ang 80,000 yen sa mga papasok sa high school, at iba pa, na kuwalipikado sa itinakdang kondisyon, pagkatapos ng pagsusuri sa kuwalipikasyon.

Para sa mga nagbabalak pumasok sa kolehiyo atbp. at natutugunan ang mga itinakdang kondisyon, magbibigay ng 150,000 yen sa mga napiling aplikante.

**(6) Iba pang mga programa ng scholarship**

Programa ng Scholarship	Sumangguni sa:	
Metropolitan Scholarship	Metropolitan Private School Foundation, Section ng Scholarship	☎03-5206-7929
Japan Students Support Organization Scholarship	Scholarship Consultation Center ☎0570-666-301	
Metropolitan Mother & Child(mag-ina) Welfare Fund	Your local Area Welfare Division (P.16)	
Educational Support Fund	Ota City Social Welfare Association	☎03-3736-2026
Educational Support Fund ng Japan	Micro Business and Individual Unit sa Japan Finance Corporation Omori Branch	☎0570-026894

**Subsidy programs para ma-cover ang gastos sa pribadong high school**

Subsidy program	Sumangguni sa:	
Subsidies to lessen private high school tuition	Metropolitan Private School Foundation Reduction Section	☎03-5206-7925
Loan system para sa mga gastusin habang naghahandang pumasok sa paaralan	Metropolitan Private School Foundation Admission Fee Section	Magtanong sa school kung saan papasok ang inyong anak.

